Pakikisama sa tamang paraan ng pagtatapon ng basura

Ang pagdami ng basura ay malaking epekto sa ating pangkabuhayan at kalikasan. Ito ay isang mabigat na paksa para sa mga mamamayan. Dulot ito ng maling paraan ng pagtapon ng basura. Makiisa po tayo sa pamamagitan ng tamang pagtapon ng basura para sa epektibong paggamit ng likas kayamanan at malinis na siyudad . Ating isa-isip na ang koleksyon ng basura sa bawat siyudad at lugar ay ibat-iba.

①Likas kayamanan

Bote, lata, plastic na bote, diyaryo, magasin, papel, kardbord, damit at plastik ay mga halimbawa ng likas kayamanan. Mga papel at damit ay di dapat ilabas sa panahong tag-ulan. Para sa ibang detalye ng paghiwa-hiwalay at koleksiyon ng basura, tumawag lamang sa mga pampublikong opisina. Sa Fujimi city at Fujimino city, ang environmental division ang may hawak dito.

②Basurang nabubulok at nasusunog

Basura sa kusina, mantika, sapatos, goma, diapers(tanggalin ang dumi sa loob), papel, unan, laruang gawa sa damit ay mga halibawa nito. Tanggaling maigi ang tubig sa basurang galing kusina. Ang sukat ng mga basurang nasusunog ay di dapat lalampas ng 30 sentimetro . Para sa mas malalaki, ito ay nabibilang sa malalaking basura na dapat itapon sa araw ng koleksiyon ng malalaking basura.

③Basurang di nabubulok at di nasusunog

Mga bakal na bagay katulad ng kaldero at kawali, bote ng pampaganda, plorera, masetera（maseterang gawa sa putik）, pampatuyo ng buhok, skeleton ng payong, lata ng pintura, de-kuryenteng gamit(rice cooker, microwave oven, radio cassette recorder, stove <baterya ・tanggalin ang langis>, clearner at iba pa) salamin, bombilya, at mga kutsilyo（ang talim ay dapat balutan ng papel）

④Malalaking basura



Malalaking gamit na de-kuryente（microwave oven, elektrik pan, kotatsu, lutuan, lampas sa 50cm na lutuan）、malalaking muebles (kabinet, kama, upuan), karpet, kumot, kutson, karitela ng bata, ski bord, sampayan, bisikleta（Pakisulat lamang po ang “Fuyouhin (hindi na kailangang gamit).

④Basurang nakakapinsala



Bateryang tuyo (Kailangang ilagay sa tamang lagayan)、mahabang ilaw, baterya, tanke ng pamatay sunog, layter, di sprey na lata, tanke ng gas na portable (kailangang ubusin ang laman), mercury na termometro at salamin.

⑤Basurang di kinokolekta ng siyudad.



Kompyuter (Alamin ito sa kompyuter recycle law. Pwede kayong sumangguni sa tindahan ng mga elektroniks), TV, eyrkon, washing machine, pridyedeyr（Ang apat na ito ay sakop ng home electronics law. Pwede kayong sumang-guni sa tindahan ng elektroniks）, motorsiklo, gulong, tanke ng gas, bat-tab, gamot, puno ng kahoy at ugat, langis, baterya, langis ng sasakyan, tanke ng pamatay sunog at bloke ng semento at iba pa.

www.ficec.jp/foreign/

● Mababasa mo ang “Information Fujimino” na nailimbag sa nakalipas..

Ang pagkakalat ng basyo ng lata ay isang paglabag sa batas.

Ang siyudad ng Fujimi ay nagsagawa ng bagong batas para sa kalinisan ng siyudad..

Sa siyudad ng Fujimino, magmula sa Oktubre 1st ang "Regulation for clean Fujimi city" ay ipapatupad na,

① Pagkakalat at pag-iwan ng basyo ng lata.
② Sa mga pampublikong lugar at iba pa, huwag iwanan ang dumi ng inyong aso.
③ Sa kalsada ay hindi na pwedeng manigarilyo pa. Maliban sa mga lugar na pinapahintulutang manigarilyo.

Ayon sa 3 puntos na ito, ang taong lalabag ay pagsasabihan at pangangaralan. Makiisa tayo para sa malinis na siyudad.

Gusto mo bang magpamedikal tsek-ap?

Medikal tsek-ap isang beses sa loob ng isang taon ay simula ng masayang pamilya.

Para sa detalye ng eksaminasyon, may iba`t ibang klase ng medical tsek kabilang dito ang simpleng medical tsek, colon cancer tsek, ,lung cancer tsek,hepatitis virus tsek, breast cancer tsek at uterine cancer tsek. Kung kayo ay may malasakit sa inyong kalusugan, tumawag lamang sa mga ospital. Para mabigyan kayo ng medical tsek, kailangan muna ninyong magpa-iskedyul sa ospital malapit sa inyo. Siguruhin ang kabutihan ng inyong kalusugan.

- Mahahalagang bagay： insurance card・nursing care insurance card
- Katanungan Tumawag lamang sa health centre malapit sa inyo.

e.g Kamifukuoka health centre
Telepono： ２６４－８２９２

Oktubre 13 ay araw ng anihan ng matamis na patatas.

Ang Fujimino International Waiwai club ay nangangailangan ng kawani.

Ito ay isang lugar kung saan pwede kayong magkaroon ng maraming kaibigan. Ang kapisanang ito ay pinamamahalaan ng mga buluntaryong mga kolehiyo at manggagawa para hubugin ang isipan ng bata sa aspetong internasyonalidad, malikhain at matatag.

Mga aktibidades na itatanghal.

- ◆ October 13 Maki-ani ng patatas.
- ◆ Nobyembre 10 Paghanda sa pasko.
- ◆ Disyembre 8 Salu-salo sa pasko(Pagluluto ng bibingka)
- ◆ Pebrero 24 Pakikipaglaro kasama ang mga magulang at anak.

<Nangangailangan ng Kawani>

Gusto mo bang magkaroon ng ekspiryensiya kasama ang mga banyagang bata? Bagong tuklas ay maaaring naghihintay sa inyo.

- Email fujiminowai@yahoo.co.jp
- Telepono ０４９－２５６－４２９０



Ikaw! Pagmamaneho mo ng bisikleta ay labag sa Road Traffic Law!

May multa at parusa sa paglabag dito. Basahin ang mga sumusunod na impormasyon na may kaugnayan sa batas ukol sa bisikleta

「Ang bisikleta ay pwede na sa bangketa」Ang usaping ito ay madalas marinig sa tren. Pero ito ay possible lamang sa lugar na ayon sa batas trapiko. Nakasaad sa ibaba ang mga halimbawa ng paglabag at kaparusahan.

① Pagsawalang bahala sa ilaw trapiko・・・mababa sa 3 buwan na parusa at mababa sa ¥50,000 na multa.
② Paghinto sa krosing・・・mababa sa 3 buwan na parusa o kaya ay ¥50,000 na multa.
③ Pagharang sa daanan ng kaliwa`t kanan・・・mababa sa ¥20,000 na multa.
④ Walang ilaw sa gabi・・・¥50,000 na multa.
⑤ Pagsalungat sa direksyon ng mga babala・・・¥50,000 na multa.
⑥ Dalawahang sakay・・・¥20,000 na multa (6 na taong gulang pababa ay pwede)
⑦ Pagmamaneho ng nakainom・・・mababa sa 3 taon na parusa o kaya ay mababa sa ¥500,000 na multa.
⑧ Isang kamay na pagmamaneho, di paghawak sa manibela, at pagmamaneho na may hawak na payong・・・¥50,000 na multa.